

# L.A. Care Medicare Plus (HMO D-SNP) FAQ Sheet



Masigasig ang LIBERTY sa pagpapaganda sa mga resulta ng kalusugan ng bibig ng iba't iba at may mababang kita na mga populasyon.

## 1. Kailang magkakabisa ang benepisyo sa ngipin ng L.A. Care Medicare Plus?

Magkakabisa ang benepisyo sa Enero 1, 2024.

## 2. Sino ang LIBERTY dental?

Ang LIBERTY ay korporasyon ng mga benepisyo sa ngipin na pribadong pinamamahalaan na itinatag noong 2001. Gumawa ang LIBERTY ng matibay na reputasyon sa pamamagitan ng pagtugon at paglampas sa mga inaasahan ng aming mga kliyente, provider at miyembro na nagpapahintulot sa aming mapanatili ang katapatan ng customer nang may mahigit 99% pananatili ng kliyente.

## 3. Ano ang magiging network ng Eklusibong Organisasyon ng Provider (EPO)?

Ang network ng Eklusibong Organisasyon ng Provider (Exclusive Provider Organization, EPO) ng LIBERTY ay CA Choice Medicare Advantage DUALS.

## 4. Paano naiiba ang mga benepisyong ito sa ibinigay ng Medi-Cal?

Ang L.A. Care Medicare Plus (HMO D-SNP) ay nagbibigay ng mga karagdagang benepisyo sa mga miyembrong lampas sa mga benepisyo sa ngipin ng Medi-Cal. Magtatatag ng pangangasiwa ng mga benepisyo para matiyak na makakatanggap ang mga miyembro ng access sa pareho nilang mga benepisyo sa Medicare at Medi-Cal.

## 5. Pinapayagan ba ang mga miyembro na gumamit ng DentiCal (Medi-Cal) pagkatapos magamit ang kanilang mga benepisyo sa LIBERTY o kailangan muna bang gamitin ng miyembro ang kanilang mga benepisyo sa DentiCal bago gamitin ang LIBERTY Dental?

Sisingilin muna ng mga provider ang LIBERTY (pangunahing nagbabayad). Ang Denti-Cal ay ang pangalawang nagbabayad o huling nagbabayad. Kung magbibigay ng mga karagdagang benepisyo at sakop ng Denti-Cal, dapat direktang magsumite sa Denti-Cal ang mga provider ng mga claim para sa mga serbisyong ito.

## 6. Bibigyan ba ang mga miyembro ng hiwalay na dental card para ma-access ang mga benepisyo?

Hindi. Hindi magbibigay ng hiwalay na Dental ID card. Inirerekomendang ipakita ng mga miyembro ang kanilang LA Care ID card at Medicaid (Medi-Cal) ID card sa kanilang appointment.



- 7. Kailangan bang magkaroon ng referral ng miyembro para magpatingin sa isang espesyalista?**  
Hindi. Hindi kailangan ng mga referral sa planong ito.
- 8. Paano makakakuha ang miyembro ng paunang pahintulot?**  
Kapag nagsumite ang tanggapan ng paunang pahintulot, makakatanggap ang miyembro ng kopya ng panghuling pagpapasya. Maaari ring tawagan ng mga miyembro ang LIBERTY para makakuha ng status ng pahintulot.
- 9. Kailangan bang maitalaga ang miyembro sa isang dentista o tanggapan ng dentista?**  
Hindi kailangan ng pagtatalaga pero dapat magpatingin ang miyembro sa isang provider na nasa network ng LIBERTY/Denti-Cal.
- 10. Maaari bang mapanatili ng mga miyembro ang pareho nilang provider sa Denti-Cal?**  
Ang CA Choice Medicare Advantage DUALS network ng LIBERTY ay binubuo ng network ng kalahok ng Medi-Cal. Ang lahat ng provider na nakalista sa direktoryo ay mga provider ng LIBERTY + Denti-Cal. Kung hindi nakalista sa network ng LIBERTY ang provider ng Denti-Cal, may opsyon ang mga miyembro na pumili ng dentista rito:  
**[www.libertydentalplan.com/lacaremedicare](http://www.libertydentalplan.com/lacaremedicare)**
- 11. Sasakupin ba ng LIBERTY dental ang mga implant?**  
Hindi. Ang mga implant ay hindi sakop na benepisyo.
- 12. Ano ang coverage sa pustiso para sa planong ito?**  
Ang mga alituntunin ng coverage sa pustiso sa Denti-Cal.  
Para sa higit pang impormasyon sa mga benepisyo sa Denti-Cal, pakikontak ang Medi-Cal Dental Program para humiling ng coverage sa Smile, California PH: **1-800-322-6384**  
**<https://smilecalifornia.org/contact-us/>**
- 13. Magkano ang babayaran ko?**  
Magbabayad ka ng \$0 para sa anumang mga sakop na serbisyo.
- 14. Paano kung may ibang pribadong plano sa ngipin ang miyembro? Minsan, ang mga benepisyaryo ay bumibili ng hiwalay na plano sa ngipin o mata para bawasan o alisin ang kanilang Bahagi sa Gastusin. Paano mangyayari ang pangangasiwa ng benepisyo?**  
Kung mayroong pribadong plano ang miyembro, magiging pangunahin ang policy na iyon at magiging Pangalawa ang Medicare.
- 15. Paano ako makakakuha ng impormasyon sa kung ano ang sinasakop sa planong ito?**  
Para sa higit pang impormasyon sa mga benepisyo sa ngipin, pakitawagan ang walang bayad na numero ng LIBERTY: **1-855-552-8243** TTY 1-800-735-2922 o bisitahin ang  
**<https://client.libertydentalplan.com/lacaremedicare>**